

Aralin sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Aralin sa Panghalip na Pamatlig

Ang **panghalip** (*pronoun*) ay salitang ginagamit bilang pamalit o panghalili sa pangngalan (*noun*). Ang **panghalip na pamatlig** (*demonstrative pronoun*) ay panghalip na ginagamit sa pagtukoy sa isang tao, hayop, bagay, pook, pangyayari at iba pang pangngalan.

Ang mga panghalip na pamatlig ay naiiba batay sa kalayuan ng tinutukoy na pangngalan sa taong nagsasalita at sa taong (o mga taong) kinakausap. Kapag ang pangngalan na tinutukoy ng panghalip ay malapit sa, hinahawakan o isinusuot ng taong nagsasalita, ang mga panghalip na pamatlig na ginagamit ay *ito*, *nito*, at *dito* o *rito*.

Kapag ang pangngalan na tinutukoy ng panghalip ay malapit sa, hinahawakan o isinusuot ng taong kinakausap, ang mga panghalip na pamatlig na ginagamit ay *iyon*, *niyan*, at *diyan* o *riyan*. Kapag ang pangngalan na tinutukoy ng panghalip ay malayo sa taong nagsasalita at sa taong kinakausap, ang mga panghalip na pamatlig na ginagamit ay *iyon*, *niyon*, at *doon* o *roon*.

Ito, iyan, at iyon

Ang mga panghalip na pamatlig na *ito*, *iyon*, at *iyon* ay ginagamit bilang pamalit sa mga pangngalan (*nouns*) o mga pariralang pangngalan (*noun phrases*) na nagsisimula sa *ang*, *si*, o *sina*. Kung maramihan ang pangngalan (*plural noun*), ang pangngalan lang ang pinapalitan ng panghalip. Madalas gamitin ang *ito*, *iyon*, at *iyon* bilang pantukoy sa mga bagay at hindi tao.

Ang aklat ay may higit sa isang daang pahina.

Ito ay may higit sa isang daang pahina.

Ang mga aklat ay galing sa silid-aklatan.

Ang mga ito ay galing sa silid-aklatan.

Ang kumot ay tinatago sa kabinet.

Iyan ay tinatago sa kabinet.

Ang mga kumot ay regalo ni Lola.

Ang mga iyan ay regalo ni Lola.

Nakasampay sa labas **ang tuwalya**.

Nakasampay sa labas **iyon**.

Nakasampay sa labas **ang mga tuwalya**.

Nakasampay sa labas **ang mga iyon**.

Ang mga panghalip na pamatlig na *ito*, *iyang*, at *iyon* ay ginagamit din bilang panturo sa anumang bagay, tao man o hindi. Kapag ito ang gamit sa mga panghalip na ito, inilalagay ito sa simula ng pangungusap upang magbigyan diin ang pagturo.

Ito si Diana. **Ito ang mga** kapatid niya.

Si Tom Cruise ang paborito kong aktor.

Iyan ang paborito kong aktor.

Si Miguel ang kaibigan ni Rachel.

Iyon ang kaibigan ni Rachel.

Sina Nelly, Martha, at Dindo ang mga kaklase niya.

Iyon ang mga kaklase niya.

Kailangan din tandaan na ang pagkakaiba ng mga panghalip na pamatlig na *ito*, *iyang* at *iyon* ay ang kalayuan ng tinutukoy na pangngalan sa taong nagsasalita at sa taong kinakausap.

Kinaroroonan ng pangngalan	Panghalip na pamatlig	Salin sa Inggles
malapit sa nagsasalita	ito	<i>this (near me)</i>
malapit sa kinakausap	iyang	<i>that (near you)</i>
malayo sa nag-uusap	iyon	<i>that over there (far from us)</i>

Sa mga susunod na halimbawa, ipapakita muna ang pariralang pinapalitan ng panghalip na pamatlig.

[1] Pumipili ng damit na susuotin para sa salu-salo si Danica. Hinihingi niya ang opinyon ng kanyang ate.

Danica (*may hawak na blusa*): Ate, bagay ba **ang blusang ito** sa palda na suot ko ngayon?

Danica (*may hawak na blusa*): Ate, bagay ba **ito** sa palda na suot ko ngayon?

Dahil hawak ni Danica ang blusa, ang panghalip na pamatlig na *ito* ang ginamit niya bilang pamalit sa pariralang *ang blusang ito*.

Ate Daisy: Oo, bagay **ang blusang iyang** sa palda mo.

Ate Daisy: Oo, bagay **iyang** sa palda mo.

Dahil malapit ang blusa sa kinakausap ni Ate Daisy (si Danica), ang panghalip na pamatlig na *iyang* ang ginamit niya bilang pamalit sa pariralang *ang blusa iyang*.

Ate Daisy: Bakit hindi mo isuot ang bagong pantalon mo na itim? Mas babagay **ang bagong pantalon mo na itim** sa blusa mo.

Ate Daisy: Bakit hindi mo isuot ang bagong pantalon mo na itim? Mas babagay **iyon** sa blusa mo.

Dahil malayo sa kanilang dalawa ang pantalon na itim, ginamit ang pamatlig na *iyon* bilang pamalit sa pariralang *ang bagong pantalon na itim*.

[2] Hinahanap ni Gabriel ang kanyang aklat sa sala. Tinutulungan siya ng tatay niya.

Tatay (*may hawak na aklat*): Gabriel, **ang aklat na ito** ba ang hinahanap mo?

Tatay (*may hawak na aklat*): Gabriel, **ito** ba ang hinahanap mo?

Dahil hawak ng tatay ang aklat, ang panghalip na pamatlig na *ito* ang ginamit niya bilang pamalit sa pariralang *ang aklat na ito*.

Gabriel: Hindi po **iyang aklat na hinahanap ko**, Tatay.

Gabriel: Hindi po **iyang**, Tatay.

Dahil ang aklat ay hawak ng kinakausap ni Gabriel (si Tatay), ang panghalip na pamatlig na *iyang* ang ginamit niya bilang pamalit sa pariralang *iyang aklat na hinahanap ko*.

Tatay: Hindi kaya naiwan mo **ang aklat** sa paaralan?

Tatay: Hindi kaya naiwan mo **iyang** sa paaralan?

Dahil hindi matiyak kung nasaan ang aklat at inaakala ng tatay na malayo ito sa kanila, ang panghalip na pamatlig na *iyon* ang ginamit bilang pamalit sa pariralang *ang aklat*.

Nito, niyan, at niyon

Ang mga panghalip na pamatlig na *nito*, *niyan*, at *niyon* ay ginagamit bilang pamalit sa mga pangngalan (*nouns*) o mga pariralang pangngalan (*noun phrases*) na nagsisimula sa *ng*.

Uminom ako **ng gamot**. Nagbebenta sila **ng Milo**. Kakain kami **ng keyk**.

Uminom ako **nito**. Nagbebenta sila **niyan**. Kakain kami **niyon**.

Gumagawa kami **ng basket**. Bumili siya **ng pagkain**. Manonood kayo **ng sine**.

Gumagawa kami **nito**. Bumili siya **niyan**. Manonood kayo **niyon**.

Ang mga panghalip na pamatlig na *nito*, *niyan* at *niyon* ay ginagamit kapag ang pandiwa ay may *actor-focus* (ang kilos ay ginagawa *ng* tao o bagay). Hindi lahat ng pandiwa na may *actor-focus* ay magagamitan ng *nito*, *niyan*, at *niyon*. Ang pandiwa na may *object-focus* ay ang kilos na ginagawa *sa* tao o bagay.

Sinasabi natin ito... (pandiwa ay may <i>actor-focus</i>)	pero hindi ito... (pandiwa ay may <i>object-focus</i>)	na dapat ay ganito...
✓ Uminom ako nito .	✗ Ininom ko nito .	✓ Ininom ko ito .
✓ Nagbebenta sila niyan .	✗ Binebenta nila niyan .	✓ Binebenta nila iyon .
✓ Kakain kami niyon .	✗ Kinain namin niyon .	✓ Kinain namin iyon .
✓ Gumagawa kami nito .	✗ Ginagawa namin nito .	✓ Ginagawa namin ito .
✓ Bumili siya niyan .	✗ Binili niya niyan .	✓ Binili niya iyon .
✓ Manonood kayo niyon .	✗ Papanoorin ninyo niyon .	✓ Papanoorin ninyo iyon .

Kailangan din tandaan na ang pagkakaiba ng mga panghalip na pamatlig na *nito*, *niyan* at *niyon* ay ang kalayuan ng tinutukoy na pangngalan sa taong nagsasalita at sa taong kinakausap.

Kinaroroonan ng pangngalan	Panghalip na pamatlig	Salin sa Inggles
malapit sa nagsasalita	nito	<i>this/of this (near me)</i>
malapit sa kinakausap	niyan	<i>that/of that (near you)</i>
malayo sa nag-uusap	niyon	<i>that/of that (far from us)</i>

Inalis ko ang takip **ng kutson**.

Inalis ko ang takip **nito/niyan/niyon**.

Nawawala ang *remote control* **ng telebisyon**.

Nawawala ang *remote control* **nito/niyan/niyon**.

Kukunin ni Boyet ang susi **ng kandado**.

Kukunin ni Boyet ang susi **nito/niyan/niyon**.

May isa pang gamit ang mga panghalip na *nito*, *niyan*, at *niyon*. Ang mga ito ay ginagamit sa pagsasaad ng pag-aari. Sa Inggles, ang katumbas nito ay ang *possessive pronoun* na *its*.

Hindi na gumagana ang *cellphone* na ito. Palitan mo na ang baterya **nito**.

[Replace the battery **of this** cellphone./Replace **its** battery.]

Ang panghalip na *nito* ay ginamit bilang pamalit sa pariralang *ng cellphone*.

Palitan mo na ang baterya **ng cellphone**.

Palitan mo na ang baterya **nito**.

Nakabili ng mahabang tela si Maria. Ang haba **niyan** ay limang metro.

[Maria bought a long piece of cloth. The length **of that** is five meters./**Its** length is five meters.]

Ang panghalip na *niyan* ay ginamit bilang pamalit sa pariralang *ng tela*.

Ang haba **ng tela** ay limang metro.

Ang haba **niyan** ay limang metro.

Luma na ang bahay na iyon. Ang mga bintana **niyon** ay sira-sira na.

[That house is old. The windows **of that house** are dilapidated./**Its** windows are dilapidated.]

Ang panghalip na *niyon* ay ginamit bilang pamalit sa pariralang *ng bahay*.

Ang mga bintana **ng bahay** ay sira-sira na.

Ang mga bintana **niyon** ay sira-sira na.

Dito/rito, diyan/riyan, at doon/roon

Ang mga panghalip na pamatlig na *dito*, *diyan*, at *diyon* ay ginagamit bilang pamalit sa mga pangngalan (*nouns*) na hindi tao o mga parirala na nagsisimula sa *sa*. Ang mga ito ay ginagamit bilang pantukoy sa isang pook, dako, o panig na malapit o malayo sa taong nagsasalita at taong kinakausap.

Sa Jollibee kami kumain.

Nag-aaral si Manuel **sa Angelicum**.

Dito kami kumain.

Nag-aaral si Manuel **diyan**.

liwan niya ang bag **sa kuwarta**.

Ako ay ipinanganak **sa Lungsod ng Cebu**.

liwan niya ang bag **doon**.

Ako ay ipinanganak **doon**.

Ang titik *d* sa *dito*, *diyan*, o *doon* ay pinapalitan ng titik *r* kapag ito ay ginagamit sa gitna o hulihan ng pangungusap at pagkatapos ng salitang nagtatapos sa patinig (*vowel*).

Wala pa **rito** si Jenny. Kanina ko pa nga siya hinihintay **dito**.

Dito tayo magkita bukas kasi sanay na ako **rito**.

Daraan **diyan** si Mike para sunduin ka. Maghintay ka **riyan** sa labas ng *gate*.

Diyan ba tayo kakain? Sawa na ako **riyan**!

Galing na ako **roon**. Nagkita pa nga kami ni Raul **doon**.

Doon ka pumasok. Iniwan ko **roon** ang susi mo.

Ang pagkakaiba ng *dito/rito*, *diyan/riyan* at *doon/roon* ay ang kalayuan ng tinutukoy na pook, dako, o panig sa taong nagsasalita at sa taong kinakausap.

Kinaroroonan ng pook, dako, o panig	Panghalip na pamatlig	Salin sa Inggles
malapit sa nagsasalita	dito/rito	<i>here (near me)</i>
malapit sa kinakausap	diyan/riyan	<i>there (near you)</i>
malayo sa nag-uusap	doon/roon	<i>over there (far from us)</i>

Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa.

[1] Sina Andres at Edgar ay nasa hintayan ng dyip.

Andres: **Dito** ka maghintay ng dyip pauwi. Tumitigil **dito** ang mga dyip na biyaheng Taft Avenue.

Dahil tinutukoy ni Andres ang pook kung nasaan siya naroon, ang ginamit niyang panghalip ay *dito*.

[2] Pumili ng upuan si Amalia sa mesa. Lumapit sa kanya si Camille.

Camille: **Diyan** ka ba uupo, Amalia? Tatabi ako sa iyo.

Dahil malapit kay Amalia (ang kinakausap) ang dako na tinutukoy ni Camille, ang ginamit niyang panghalip ay *diyan*.

[3] Magkasama sina Danilo at Carmela. Nakikita nila ang simbahan sa malayo.

Danilo: **Doon** kami nagsisimba tuwing Linggo.

Dahil malayo ang simbahan sa kapuwa nagsasalita (Danilo) at kinakausap (Carmela), ang ginamit na panghalip ay *doon*.